



MENSAHE NG AREA PRESIDENCY



ARTWORK SA KAGANDAHANG LOOB NG CHURCH MEDIA LIBRARY


# Ang Sakramento



**Elder Elder Ian S. Ardern**
Philippines Area Presidency

*Ang kalidad ng ating karanasan sa sacrament meeting ay lubhang nakabatay sa ating personal na paghahanda para sa pulong.*

Naghihintay sa atin ang pinakamahalaga at pinakasagradong pulong ng Simbahan, ang ating sacrament meeting, tuwing Linggo. Kapag dumadalo tayo linggu-linggo napapanibago natin ang ating mga tipan sa binyag, naaalaala ang Pagbabayad-sala ng ating Tagapagligtas at naiisip ang epekto nito sa ating sariling buhay.



ARTWORK SA KAGANDAHANG LOOB NG CHURCH MEDIA LIBRARY

Ang kalidad ng ating karanasan sa sacrament meeting ay lubhang nakabatay sa ating personal na paghahanda para sa pulong. Oo, inaasahan natin na maayos na naiplano ng ating mga lider ng priesthood ang pulong na may magandang prelude music at handa na ang mga simbolo ng sakramento bago magsimula ang pulong ngunit ang pinakamakabuluhang paghahanda ay ang ating personal na paghahanda. Bago pa man natin lisanin ang ating tahanan para sa mga pulong sa Simbahan sa araw na iyon maihahanda na natin ang ating isipan para sa sacrament meeting. Nalaman namin ni Sister Ardern na kapag nakinig kami sa sagradong musika habang naghahanda para sa Simbahan higit naming nadarama ang Espiritu sa aming tahanan at nakapagpapasigla ito sa aming personal na paghahanda. Nakatutulong ang personal at taimtim na panalangin sa paghahanda namin para sa espesyal na oportunidad na ito. Iniutos sa atin sa banal na kasulatan na huwag tayong makibahagi ng sakramento kapag hindi tayo karapat-dapat (tignan sa 3 Nephi 18:29) kaya mahalagang lumuhod tayo at manalangin sa ating paghahanda. Dapat nating hangarin sa ating mga panalangin at kilos na makibahagi ng mga simbolo nang may "bagbag na puso" at "nagsisising espiritu" na mga kundisyong kailangan sa tunay na pagsisisi (tignan sa 2 Nephi 2:6-7). Gayon din sa ating paghahanda iisipin natin kung ano ang ating hitsura, dahil bilang paggalang sa okasyon nanaisin nating isuot ang ating pinakamaayos na damit-pangsimba. Ang pagdating nang

*Habang ipinapasa ang sakramento, tayo ay matiyaga ngunit sabik na naghihintay na mapitagang makibahagi ng mga simbolo nito. Ang pakikibahagi natin ng tinapay at tubig ay ang pangako nating maging tapat sa mga tipan na ating ginawa.*







maaga bago magsimula ang pulong at pag-upo nang tahimik sa chapel ay magpapaibayo rin sa pagpipitagan sa okasyon at sa ating personal na karanasan.

Kung minsan ay nahihirapan ang mga batang musmos na maging mapitagan sa buong 70-minutong sacrament meeting at upang mahikayat ang pagpipitagan, ang mga magulang ay madalas may dalang laruan, aklat, o marahil ay ilang krayola para mapanatiling tahimik ang mga bata. Sa kanilang kamusmusan, isipin lamang



na itabi ang mga ito habang idinaraos ang sakramento. Malalaman ninyo na sa paggawa nito ay mas magiging mapitagan ang mga bata sa sacrament meeting habang sila ay lumalaki.

Ang mga himno sa sakramento ay maingat na pinili ayon sa mga mensaheng ibinibigay nito. Kapag kinanta natin ang mga himnong katulad ng, "Ako ay Namangha," "Doon sa Krus sa Kalbaryo," o "Habang Ating Tinatanggap" naaalaala natin ang ating doktrina at nagiging mapitagan tayo, na nag-aanyaya sa Espiritu Santo na mapasaatin. Kapag kinanta natin ang mga himno nang may tiwala, gaano man kalihis ang ating tono, lalakas ang ang ating patotoo, titibay ang ating pananampalataya at mas mapapalapit tayo sa Diyos sapagkat "ang awit ng mabubuti ay isang panalangin sa akin" (D at T 25:12).

Ang mga panalangin sa sakramento (tignan sa D at T 20:77, 79) ay inihayag kay Propetang Joseph Smith at dalawa sa iilan lamang na nakasulat na panalangin sa Simbahan. Ang mga salita sa mga panalangin sa sakramento ay dapat pakinggang mabuti dahil inaanyayahan tayo nitong maging higit na katulad ng Tagapagligtas habang nakikipagtipan tayo na lagi natin siyang aalalahanin, susundin ang Kanyang mga utos at tataglayin sa ating sarili ang Kanyang pangalan. Kapag ginawa natin ang tatlong bagay na ito nangangako ang Panginoon na mapapasaatin ang Kanyang Espiritu.

Habang ipinapasa ang sakramento, tayo ay matiyaga ngunit sabik na naghihintay na mapitagang makibahagi ng mga simbolo nito. Ang pakikibahagi natin ng tinapay at tubig ay ang pangako nating maging tapat sa mga tipan na ating ginawa. Inaanyayahan kayo ng Area Presidency na dumalo sa lahat ng pulong ninyo sa Simbahan linggu-linggo kasama ang inyong pamilya at mga kaibigan at ipinapangako namin na kapag ginawa ninyo ito, magkakaroon kayo ng ibayong kaligayahan, lalo na kapag nakibahagi kayo ng sakramento. ■

*Litrato kuha nina Noel Maglaque, Edwin Redrino at Felvir Ordinario.*

# Paano Ako Napagpala ng Priesthood at Ang Aking Pamilya?

"Ang pagtuturo sa aking mga anak tungkol sa kahalagahan ng pagmimisyon ay nangyari habang nasa Primary pa lang sila. Lagi kong ipinaaalala sa kanila na ang isa sa PINAKAMAGANDANG desisyong magagawa nila ay humayo kapag isinugo sila ng Panginoon, saanman sila tawagin. Ang mga klase sa seminary at institute na sinamahan ng mga panalangin at payo ng pamilya ay tumutulong sa akin na gabayan sila sa pagpapasiyang ito. Napatunayan ko sa lahat ng anak ko na kung tuturuan at sasanayin ninyo sila habang bata pa ay hinding-hindi nila ito malilimutan. Nakabalik na ang dalawang nakatatanda kong mga anak mula sa kanilang pagmimisyon at dalawa pa ang nasa misyon."

**Vilana Bustillo**
*Mandaue Philippines Stake*



LITRATO SA KAGANDAHANG LOOB NG FLORES FAMILY

*Binibigyan ako ng espesyal na basbas ng aking mapagmahal na asawa tuwing manganganak ako at mapalad kaming mapasaamin sina Jash at Rigel, dalawang magiging mabubuting mayhawak ng priesthood sa hinaharap.*

Buong buhay akong napagpala ng priesthood. Nagsimula ito nang bigyan ako ng pangalan at basbas ng mga mayhawak ng priesthood. Tinuruan ako ng mga inspiradong lider at guro na tinawag at nai-set apart sa pamamagitan ng kapangyarihan ng priesthood noong ako ay nasa Primary, Young Women at Relief Society.

Nagpapasalamat ako na mabinyagan, makumpirma, at mabigyan ng kaloob na Espiritu Santo ng isang mayhawak ng banal na Melchizedek Priesthood. Ang kaloob na iyan ang naging gabay ko sa pananatili sa tuwid at makipot na landas patungo sa buhay na walang hanggan. Nagkaroon din ako ng pribilehiyong ma-set apart ng aking stake president bilang full-time missionary at maglingkod sa patnubay ng dalawang tapat na mission president na mayhawak ng priesthood.

Nang maikasal kami ng asawa kong si Ryan sa templo, natanggap ko ang pinakadakilang basbas ng priesthood. Narama ko ang pagmamahal ng aking Tagapagligtas sa pamamagitan niya. Tumanggap kami ng pangako na kung kami ay magiging tapat, makakasama namin ang aming mga anak at ang Panginoon sa buong kawalang-hanggan.

Binibigyan ako ng espesyal na basbas ng aking mapagmahal na asawa tuwing manganganak ako at mapalad kaming mapasaamin sina Jash at Rigel, dalawang magiging mabubuting mayhawak ng priesthood sa hinaharap. Kapag tinuruan natin ang ating mga anak at tinulungan silang maghandang tanggapin ang mga ordenansa ng kaligtasan, mapagpapala rin nila ang buhay ng ibang mga tao at pamilya.

Walang hanggan kong pasasalamatan ang mga pagpapala ng priesthood sa aking buhay. Sa pamamagitan nito, lubos kong natanto na ako ay anak nga ng ating mapagmahal na Ama sa Langit.

**Juliane Margarete Q. Flores**
*Parañaque Philippines Stake*



LITRATO KUHA NI ALAIN TAGPUNO



*Ang priesthood sa aming tahanan ang nasa likod ng bawat panalangin at pag-aaral ng banal na kasulatan ng pamilya at bawat family home evening.*

Ang buhay ng aming pamilya ay napagpala ng kapangyarihan ng priesthood sa napakaraming paraan. Sa pamamagitan ng awtoridad ng priesthood ang pagsasama naming mag-asawa ay nabuklod sa panahong ito at sa kawalang-hanggan. Naging matibay kaming mag-asawa sa ebanghelyo dahil sa pangakong ito. Tinulungan kami nitong ituon ang aming oras at lakas na unahin ang aming pamilya sa lahat ng bagay. Dahil iginagalang ng aking asawa ang priesthood, tinutulungan siya ng langit sa paglalaan ng aming espirituwal at temporal na mga pangangailangan. Ang priesthood sa aming tahanan ang nasa likod ng bawat panalangin at pag-aaral ng banal na kasulatan ng pamilya at bawat family home evening. Ang mga aktibidad at programang ito ng Simbahan na pinamamahalaan ng priesthood ang mga kasangkapang nagpapatibay sa aming pamilya laban sa kasamaang nakapaligid sa atin ngayon. Alam ko na patuloy na dadaloy ang mga pagpapala ng priesthood sa aming pamilya at mga inapo sa darating na mga henerasyon kapag sinikap naming ipamuhay ang ebanghelyo at tuparin ang aming mga tipan. Ito ang kapangyarihan sa walang-hanggang kaligayahan ng aming pamilya.

**Karen Esmundo**
*Quezon City Philippines Stake*



ARTWORK NI JOSEPH DAGATAN

Minsan noong buntis ako, sumakit nang husto ang ngipin ko kaya hindi ako nakatulog magdamag. Desperado akong naghanap ng lunas at nagpadala pa nga ako ng text message sa doktor ko para magtanong kung anong gamot ang maiinom ko pero hindi siya sumagot. Nagdasal ako sa Ama sa Langit para mapanatag at makatulog ako.



Kinaumagahan bago umalis ang asawa kong si Siege papunta sa trabaho, hiningan ko siya ng basbas ng priesthood. Pagkaalis niya, sinikap kong matulog muli na umaasang wala na ang sakit pagkagising ko.

Tulad ng inasahan ko, wala na ang sakit nang magising ako at nagpasalamat ako sa Ama sa Langit dahil sinagot Niya ang aking mga panalangin.

Kinabukasan, medyo inasahan ko na muling sasakit ang ngipin ko. Pero hindi na ito sumakit. Halos buong linggo kong inisip na sasakit ulit ang ngipin ko pero hindi na ito sumakit. Noon ko natanto na ang natanggap ko ay basbas ng priesthood at wala itong expiry date.

Nagpapasalamat ako na natatamasa ko ang basbas ng priesthood sa aming tahanan. Alam ko na ang priesthood na taglay ng aking asawa ay siya ring priesthood na taglay ng Ama sa Langit at ni Jesucristo. Alam ko na si Propetang Joseph Smith ang naging kasangkapan ng Panginoon sa pagpapanumbalik ng priesthood dito sa lupa. ■

**Amihan M. Parinas**
*Paranaque Philippines Stake*

## Paano Ko Magagampanan ang Aking Katungkulan sa Priesthood?

**SA PAMAMAGITAN NG HALIMBAWA NI ITAY**
**Ni Ram P., 13**
*Montalban Philippines Stake*



Natanggap ko ang Aaronic Priesthood at naorden sa katungkulan ng deacon noong nakaraang taon. Masaya ako at natuwa tungkol dito dahil nagkaroon ako ng mga bagong kaibigan at alam ko na makapaglilingkod ako sa Panginoon.

Kamakailan, tinawag ako bilang pangulo ng deacons quorum. Medyo bago ito sa akin pero sinuportahan ako ng aking mga magulang. Si itay ang unang nagturo sa akin kung paano gampanan ang aking tungkulin. Sa kabila ng kanyang kaabalahan bilang miyembro ng stake presidency, palagi niya akong pinaaalalahanan tungkol sa kasagraduhan ng aking tungkulin at na pagpapalain ako ng Panginoon kung gagampanan ko ito.

Ang mga lider sa aming ward, lalo na si Bishop Tigno, ay lagi akong tinuturuan kung paano ko magagampanan nang mas mahusay ang aking tungkulin.

Magandang halimbawa si itay sa akin sa pagganap ko sa aking tungkulin. Lagi niyang tinitiyak na dumadalo kami sa mga pulong namin sa priesthood at sinusuportahan namin ang mga pangangailangan ng korum sa pamamagitan ng pagbibigay ng training. Bilang mayhawak ng priesthood, tinutulungan niya akong lumakas sa katungkulang hawak ko sa pamamagitan ng araw-araw na pagbabasa ng banal na kasulatan. Nagdarasal din ako araw-araw at namumuno sa panalangin ng pamilya tulad ng nakita kong ginagawa ng aking ama.

Ang oras ng pagbabahagi sa klase namin sa priesthood ay isang pagkakataon na maibahagi ko ang kaalamang natamo ko sa klase sa seminary at priesthood. Gumaganda ang pakiramdam ko kapag



ARTWORK NI JOSEPH DAGATAN



*Magandang halimbawa si Itay sa akin sa pagganap ko sa aking tungkulin. Lagi niyang tinitiyak na dumadalo kami sa mga pulong namin sa priesthood at sinusuportahan namin ang mga pangangailangan ng korum sa pamamagitan ng pagbibigay ng training.*



*Naniniwala ako na dahil sa priesthood ay mas uunlad sa pisikal, emosyonal at espirituwal ang mga binatilyong katulad ko.*

napalalakas ko ang kapwa ko kabataan.

Nakikinita ko na magiging missionary ako sa hinaharap tulad ng aking ama. Nagsimula akong magtabi ng bahagi ng aking allowance na itinuro sa akin ng mga magulang ko noong maliit pa ako.

Naniniwala ako na dahil sa priesthood ay mas uunlad sa pisikal, emosyonal at espirituwal ang mga binatilyong katulad ko.

Alam ko na ang priesthood ay isang sagradong tungkulin mula sa ating Ama sa Langit, na dapat munang ituro sa ating tahanan. Nagpapasalamat ako sa halimbawa ng aking ama.

### ISANG TUNGKULING MAGLINGKOD

**Ni Aaron James N. Baligod**
*Quezon City Philippines Stake*

Bilang kabataang lalaki, ginagampanan ko ang aking priesthood sa pakikibahagi sa mga pulong ng korum namin tuwing Linggo, pagbisita sa mga kabataan naming di-gaanong aktibo, pagtulong sa paghahanda, pagbabasbas at pagpapasa ng sakramento at pagsuporta sa mga desisyon ng aming mga lider ng priesthood. Ginagampanan ko rin ang aking tungkulin sa priesthood sa pagiging mabuting halimbawa at pagtulong sa kapwa ko kabataan na gawin ang kanilang Tungkulin sa Diyos at paghahandang kasabay nila para sa pagmimisyon. Alam ko na kapag ginampanan natin ang ating tungkulin sa priesthood bilang mga kabataang lalaki, lalago ang ating kaalaman sa ebanghelyo. Sa patuloy na paggawa ng ating tungkulin sa priesthood, alam ko na pagpapalain at gagabayan tayo ng Panginoon para maging handa tayong tanggapin ang Melchizedek Priesthood. Alam ko na bilang mga mayhawak ng priesthood, dakilang tungkulin ang paglingkuran ang Diyos. ■

**Litrato kuha nina**
Felvir Ordinario
Alain Tagpuno
Edwin Redrino
Noel Maglaque

## EVA KAY ADAN

**Ni Ma. Teresa C. Pangilinan**

"Ang kaloob na priesthood ay walang katumbas. Taglay nito ang awtoridad na kumilos bilang mga lingkod ng Diyos, mangasiwa sa maysakit, magbasbas sa ating pamilya, at pagpalain din ang iba. Ang awtoridad nito ay hanggang sa kabilang buhay, hanggang sa mga kawalang-hanggan. Wala itong katulad sa buong mundo. Ingatan ito, pangalagaan ito, maging marapat para dito" (Thomas S. Monson, "Kapangyarihan ng Priesthood," *Liahona*, Mayo 2011, 66-69).

Binigyan ng Diyos ang mga babae ng mga banal na katangian na lakas, kabanalan, pagmamahal, at kahandaang magsakripisyo. At taglay ang walang-katumbas na kaloob na ito, ang mga miyembro ng Relief Society, dalagita, at dalaga ay may malaking responsibilidad na suportahan ang banal na awtoridad. Nangalap ako ng mga sagot mula sa ilang kababaihan ng Simbahan kung paano nila masusuportahan ang priesthood:

"Bilang isang dalagita masusuportahan ko ang katungkulan ng kapwa ko kabataan sa priesthood sa paghikayat sa kanila na una ay tapusin nila ang kanilang Tungkulin sa Diyos. Pangalawa, regular na dumalo sa mga pulong at aktibidad ng Simbahan dahil talagang kapaki-pakinabang ang mga ito, at pangatlo ay magkaroon sila ng sariling patotoo tungkol sa ebanghelyo." *—R Paulleana B. A., 15, Cabuyao Philippines Stake*



"Bilang asawa ng isang bishop, umaagapay ako sa iskedyul ng asawa ko. Ipinadarama ko sa kanya na okey lang kahit hindi kami magkakatabi sa upuan bilang pamilya tuwing sacrament meeting. Tinuturuan ko ang mga bata na gayon din ang gawin. Nauunawaan ko na hindi siya perpekto ngunit perpekto ang kanyang tungkulin at awtoridad ng priesthood. Mahalaga ang paggalang."—*Ma. Morena B. Baylon, QC South Philippines Stake*

"Nagpapakita ako ng suporta sa mga mayhawak ng priesthood sa pagsang-ayon sa kanila at pagtataas ng aking kamay sa mga ward at stake conference. Magbibigay ito sa kanila ng tiwala na handa silang tulungan ng mga miyembro sa lahat ng tungkulin nila."—*Neneng Meneses, Makati Philippines Stake*

"Narinig ko na sa likod ng bawat matagumpay na lalaki ay may isang babae, kaya kung anong uri at magiging uri ng babae tayo ay magkakaroon ng epekto sa kalalakihan ng Simbahan. Kung nais nating maging mabuting impluwensya sa kanila, kailangan nating piliin at gawin ang mga tamang bagay, sundin ang mga utos ng Diyos at magpakita ng mabuting halimbawa sa tapat na pamumuhay ng ebanghelyo. Ang tapat at masunuring kababaihan ay magbibigay-inspirasyon at iimpluwensya sa kalalakihan na maging tapat at gawin ang inaasahan ng Panginoon sa kanila. (Totoo rin naman ang kabaligtaran nito)." —*Venice Rios G. Puerto, Makati East Philippines Stake*

"Susuportahan ko ang mga programa ng Simbahan tulad ng seminary at mga Mutual activity, na alam kong magagandang programa ng ating mga lider ng priesthood."—*Patricia Anne G., 14, QC South Philippines Stake*

"Lumaki ako sa piling ng aking ama at tatlong kapatid na lalaki na matatatag na mayhawak ng priesthood. Alam ko na sa pagkakaroon ng kapangyarihang iyon, may mga responsibilidad sila, kaya ginagawa ko ang lahat para suportahan sila at ipaalala sa kanila ang mga responsibilidad na ito."—*Adrianne A., 15, Antipolo Philippines Stake*

"May isang pagkakataon na kinailangan akong operahan, humingi ako ng basbas ng priesthood sa asawa ko para madama niyang sinusuportahan ko ang kanyang awtoridad. Kapag nagpupunta sa malalayong lugar ang mga anak ko lagi silang humihingi ng basbas sa kanilang ama. Mayroon kaming tatlong anak na lalaki at isang babae. Lahat sila ay lumaki na itinuturing na huwaran ang kanilang ama bilang patriarch at ama sa aming tahanan. Kahit malalaki na sila ngayon, lagi silang humihingi ng payo sa kanya. Sa loob ng 47 taon, mahal ko siya at iginagalang bilang asawa ko, bilang ama ng aking mga anak at bilang mayhawak ng priesthood." —*Pilar Fonbuena, Morong Rizal Philippines District*

Itinuro ni Joseph Smith sa kababaihan ng Relief Society ang kanilang maharlikang katauhan bilang mga anak na babae ng Diyos, [na] tinutulungan silang maunawaan na mahal sila ng Diyos at may gagampanan silang mga dakilang layunin. Ang kababaihan sa Simbahan ay may mahalagang papel sa plano ng kaligtasan ng Ama sa Langit – na kasinghalaga ng papel ng kalalakihan na mayhawak ng priesthood. Pinagkalooban ng Panginoon ang kababaihan ng likas na hangaring maglingkod at pagpalain ang iba, at ipinagkatiwala Niya sa kanila ang isang sagradong responsibilidad na gamitin ang kanilang mga kaloob sa pagtulong na iligtas ang Kanyang mga anak. – Tignan sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, p 200.

"Pinatototohanan ko na kapag yaong mga mayhawak ng tunay na priesthood ng Diyos ay nagsimulang taos-pusong hingin ang payo ng kababaihan sa Simbahan, at laging hangarin ang kanilang tapat na pagsusuri sa mga bagay-bagay, ang mga mayhawak ng priesthood na iyon ay tatanggap ng higit na inspirasyon mula sa langit na pamunuan at pasiglahin ang mga anak ng Diyos sa mundong ito."—*Elder Eleazar Collado, Area Seventy*



*Ang tapat at masunuring kababaihan ay magbibigay-inspirasyon at iimpluwensya sa kalalakihan na maging tapat at gawin ang inaasahan ng Panginoon sa kanila.*

## MGA MITHIIN NG PHILIPPINES AREA
## Sagipin ang Nawawala

# **Tutulungan Sila** na Makabalik sa Kawan

Ni Sariah Guanzon-Ordinario

Isa sa mga mithiin ng Philippines Area Presidency para sa Simbahan ngayong 2012 ay isali kapwa ang mga miyembro at missionary sa "pagsagip sa nawawala." Ibinahagi nina Elder at Sister Bevan ng Philippines Bacolod Mission ang sumusunod na kuwento kung paano nauwi ang mga pagsisikap ng mga missionary at lider ng priesthood na isakatuparan ang mithiing ito sa pagsagip sa "nawawala," na nauwi naman sa pagsagip sa kanyang buong pamilya.

Tumigil sa pagsisimba ang pamilya Baba mula sa Bacolod walong taon na ang nakararaan. Ang nabinyagan lamang sa pamilya ay ang mag-asawa at ang panganay nilang anak, ang 17-taong-gulang na si Jennifer.

Matapos ipahayag ng Area Presidency ang mga mithiin ng area para sa taong 2012, agad kumilos ang branch president ni Brother Baba sa "pagsagip sa nawawala," at nahanap ang pamilya Baba noong Disyembre 2011.

Pagkaraan ng isang buwang pagtuturo at ilang interbyu ng branch president, nagbalik si Brother Baba sa Simbahan. Kalaunan ay bininyagan niya ang tatlo sa kanyang mga anak at inorden ang kanyang anak na si John sa katungkulan ng teacher. Noong Marso 4, 2012, tinanggap ni Brother Baba ang Melchizedek Priesthood, kaya nabigyan niya ng pangalan at basbas ang dalawang bunso niyang anak.

Dahil sa katapatan at tulong ng branch president na ito, nakapunta ang dalawa sa mga anak ng pamilya Baba, sina Jennifer at John, sa Cebu Temple kasama ang mga kabataan at nagsagawa ng mga binyag para sa mga patay.

Ang mga bata, sa tulong ng kanilang pamilya, ay talagang nagpakahirap at nagsakripisyo para makapunta sa Cebu Temple at ngayon ay nagbago na ang pamilya dahil sa mga karanasang ito.

Sa isang elders quorum meeting na dinaluhan ni Elder Bevan, ipinakita niya sa korum kung paano maglaan ng langis na ipapahid sa may karamdaman at naghihirap.

Nang sumunod na linggo mayroon na silang langis at kani-kanyang lalagyan at nagtanong kung sino ang gustong maglaan ng sarili nilang langis. Walong lalaki ang pumila at isa si Brother Baba sa kanila. Bagama't nahirapan ang mga lalaking ito sa pagbasa ng basbas sa wikang Ingles, walang isa man sa kanila ang nag-alangang isagawa ang sagradong pagbabasbas na ito. Ang pagbalik ng pamilya Baba sa Simbahan ay pambihira, dahil sa dami ng mga pagbabagong nangyari sa kanilang buhay, gayundin sa buhay ng kanilang mga anak.

Ibinahagi pa nina Elder at Sister Bevan, "Ang kailangan ngayon nina Brother at Sister Baba, tulad ng lahat ng sinasagip at tinutulungan nating makabalik sa kawan, ay mga tungkulin at tulong sa paghahanda sa temporal at espirituwal upang makapunta sa templo para tumanggap ng sarili nilang endowment at magsagawa ng mga ordenansa sa templo."

Sinabi ni Elder Ian Ardern tungkol sa mga pagsisikap nating sagipin ang nawawala, "Umaasa kami na bawat miyembro ay sasagip ng isang tao ngayong taon. Para makatulong sa gawaing ito, kailangan ninyong kumilos. Kailangan ninyo talagang humayo at gumawa ng isang bagay. Maaaring kayo ang taong makagawa ng kaibhan sa buhay ng iba."

Isang pagpapala ang magkaroon ng matatapat na lider na tulad ng branch president na ito na isinabuhay ang mga salita ng himnong "kami'y agad sasaklolo, at tutulungan sila." ("Nasa Puso ng Pastol," *Mga Himno*, 134). ■



*Para makatulong sa gawaing ito, kailangan ninyong kumilos. Kailangan ninyo talagang humayo at gumawa ng isang bagay. Maaaring kayo ang taong makagawa ng kaibhan sa buhay ng iba.*